



“Bibo si Beni”

Bibo si Beni sa bahay at palagi siyang masaya. Bawat umaga, bumabati siya sa kanyang nanay at tatay. Bitbit niya ang bag niya habang papunta sa paaralan. Bibong-bibo siyang sumasagot sa klase. Bago umuwi, binibigyan niya ng bigas ang ibong nakikita niya sa daan.



“Bola ni Bella”

May bagong bola si Bella na kulay berde. Binilang niya ang bawat talon ng bola sa bakuran. Tumalbog ang bola. Napunta sa puno. Hindi siya natakot. Binuhat niya ang maliit na bangko para kunin ito. Bago pumasok sa bahay ay nilinis niya ito. Tuwang-tuwa siya sa kanyang bola.



“Baboy sa Bukid”

May baboy si Ben sa bukid. Binibigyan niya ito ng pagkain araw-araw. Bumabati ang baboy sa kanya sa pamamagitan ng tunog nito. Buong araw silang naglalaro sa ilalim ng puno. Bago gumabi, binabalik niya ang baboy sa maliit na kural nito.



“Baon ni Bina”

May baon si Bina na tinapay at buko juice. Binuksan niya ang bag at ngumiti dahil mabango ang tinapay. Binati niya ang best friend niyang si Billy. Binigyan niya ito ng kalahati ng baon niya. Natuwa si Billy sa pagbabahagi ng baon ni Bina. Sa susunod ay siya naman ang magbabahagi.



“Barko sa Batuhan”

Nakita ni Bobby ang maliit na barkong laruan sa tabi ng batuhan. Binasa niya ito sa tubig upang lumutang. Biglang bumilis ang agos, pero mabilis niya itong binawi. Binuhat niya ang barko at tinago sa bag. Bago umuwi, binilang niya ang mga bato na nakita niya sa baybayin.



“Bituin sa Bubong”

Tuwing gabi, umaakyat si Berto sa bubong ng bahay para tumingin ng bituin. Binibilang niya ang mga kumikislap na ilaw sa langit. Binalutan niya ng balabal ang sarili para hindi ginawin. Bago bumaba, binigkas niya ang pangarap niyang maging astronaut balang araw.